8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 2: Linggo 2**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Rizza Capangyarihan Cortez (Pasay City West High School)
- Norvin C. Aquerido (Emilio Jacinto National High School)

**Tagasuri:**
- Ma.Victoria Culminas-Colis,Phd (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**ARALING PANLIPUNAN / IKALAWANG KUWARTER / ANTAS 8**


| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | A.Nasusuri ang mga pangyayari at kinahinatnan ng paggalugad at kolonyalismo ng mga Europeo sa mga bagong lupain sa America.<br>1.Naiisa isa ang mga dahilan ng pananakop ng mga Europeo.<br>2.Natatalakay ang mga mahahalagang pangyayari sa tunggalian sa pagitan ng Spain at Portugal.<br>3.Nasusuri ang epekto ng pananakop ng mga Europeo sa Imperyong Aztec at Incas sa lipunang Mesoamerican at sa Lipunang Espanyol. |
| **C. Nilalaman** | A.Panahon ng Paggalugad at Kolonyalismo sa America<br>1. Ang Europe sa Panahon ng Paggalugad at Kolonyalismo<br>a. Mga Dahilan ng Paggalugad at Pananakop<br>b. Tunggalian ng Portugal at Spain<br>c. Mga Epekto ng Pananakop sa Imperyong Aztec at Inca sa lipunang Mesoamerican/ Andean at sa Lipunang Espanyol |
| **D. Integrasyon** | Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment)<br>Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change)<br>Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa (Culture, Identity, and Nationhood) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Onion, A. (2023, August 11). *Christopher Columbus - Facts, Voyage & Discovery*. HISTORY. https://www.history.com/topics/exploration/christopher-columbus<br>Nowell, C. E., Webster, R. A., & Magdoff, H. (1998, July 20). *Western colonialism \| Definition, History, Examples, & Effects*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/Western-colonialism |

*Mexico | History, Map, Flag, Population, & Facts*. (2024, April 30). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/place/Mexico/Expansion-of-Spanish-rule
*Treaty of Tordesillas | Summary, Definition, Map, & Facts*. (1998, July 20). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Treaty-of-Tordesillas
ACTIVITY: World Travelers (article). (n.d.). Khan Academy. Retrieved May 27, 2024, from https://www.khanacademy.org/humanities/big-history-project/expansion-interconnection/exploration-interconnection/a/activity-world-travelers
Mga Larawan
https://wallpapers.com/picture/world-map-pictures-aabaetr8eh1w46d1.html
https://www.freepik.com/premium-vector/girl-holding-book-isolated-cartoon-character-elementary-school-student-with-backpack_5141149.htm
https://www.istockphoto.com/illustrations/child-explorer
https://clipartmag.com/world-map-line-drawing
Video
"*How did the Spain ang Portugal plan to Conquer the world*" https://www.youtube.com/watch?v=CgDvfB7KLSA&t=38s
*"Tordesillas-How the Pope divide the world between Spain and Portugal"* https://www.youtube.com/watch?v=o1Qllx4YH9A
"Hernan Cortes:Conquered the Aztec Empire-Fast Fact and History" https://www.youtube.com/watch?v=1P_euomdHOU
"The Fall of Inca Empire:Conquest of Pizarro"https://www.youtube.com/watch?v=tFLTztQ-GMA
Barko ng China, namataan habang nasa West Philippine Sea ang mga barko ng... | 24 Oras Weekend https://youtu.be/3aHjCoYnzFU

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1.Maikling Balik-aral (JUMBLED LETTERS)**<br>Isaayos ng mga mag-aaral ang mga jumbled letter upang mabuo ang salita at ibigay ang kahulugan nito. Matapos ay magbibigay sila ng kanilang sagot sa kanilang mga natutunan noong nakaraang aralin<br>1. ECNASSSINRE<br>2. NOYASMPORER<br>3. SYADULHENNI<br>4. NOITISIUQNI<br>5. ONKRAT NOYASMPORER | KASAGUTAN<br>1.Renaissance<br>2.Repormasyon<br>3.Indulhensya<br>4.Inquisition<br>5.Kontra repormasyon |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (MAPA HANAP KA!)** Hanapin sa mapa ang mga sumusunod na bansa. Lagyan ng marker ang mga bansang ito. | Gamitin ang mga pamprosesong tanong para mapalalim ang talakayan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Suriin ang lokasyon ng mga sumusunod na bansa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan.<br><br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Flag_Map_of_The_World_%282023%29.png<br>Mga bansang hahananapin<br>1.Spain<br>2.Portugal<br>3.France<br>4.England<br>5.Netherlands<br>Gabay na tanong:<br>1. Ano ang mga kaganapan sa mga bansa tinukoy sa mapa noong panahon bumagsak ang Constantinople at Renaissance?<br>2. Mayroon bang kinalaman ang lokasyon ng mga bansa na ito para magkaroon sila ng dahilan para manggalugad at manakop? Ipaliwanag.<br>3. Anu ano ang dahilan ng kanilang panggagalugad at pagtuklas ng mga lupain?<br><br>**2.Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**FILL IN THE MISSING WORD.**Lagyan ng nawawalang letra upang mabuo ang konsepto.Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salita.<br>1.__ K __ P __ O __ A __ Y __ N- pagsisiyasat sa mga pook na hindi pa kilalá o alám<br>2. P __ N G__ A__ A__U G A__ - pagtuklas o paglilibot sa isang partikular na lugar<br>3. M__ N__ N__ A __ O __ - pangkat ng tao, o bansa na nanlupig ng ibang pangkat ng tao o bansa. | mahalagang maidugtong ang lokasyon ng mga bansa ito sa pagsisimula ng panahon ng paggalugad.<br><br>Sagot<br>1. Eksplorasyon<br>2. Panggagalugad<br>3. Mananakop<br>4. Misyonero<br>5. Kolonyalismo |

| | | |
|---|---|---|
| | 4.M__ S__ O__ E __ R O- isang kasapi ng pangkat relihiyoso na sinugo sa isang lugar upang palaganapin ang pananampalataya o maglingkod sa tao, tulad ng edukasyon.<br>5. K__ L O__ Y__ L__ S__ O- tuwirang pananakop ng isang bansa sa iba pa upang pagsamantalahan ang yaman nito o makuha rito ang iba pang pangangailangan ng mananakop | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **KAUGNAY NA PAKSA #1:** MGA DAHILAN NG PAGGALUGAD AT PANANAKOP<br>**A. Pagproseso ng Pag unawa (SURI-VIDEO)**<br>Sa bahagi ng aralin na ito, inaasahan na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga dahilan ng paggalugad at pananakop ng mga Europeo sa pamamagitan ng gawain na ito. Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Matapos ay panonoorin nila ang isang video na nagpapaliwanag sa mga dahilan ng paggalugad at pananakop ng mga Europeo.<br><br>Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=sGeXtUZQScc<br><br>Matapos ay sasagutan ng mga mag-aaral ang inihandang graphic organizer na nagpapaliwanag sa mga pangyayari na nagpasimula ng “Age of Exploration”<br><br>Magkaroon ng malayang talakayan batay sa mga nagawang “graphic organizer” ng mga mag-aaral, gamit ang mga sumusunod na pamprosesong katanungan:<br>1. Ano ang mga pangunahing dahilan ng mga Europeo sa panggalugad ng mga lupain?<br>2. Mayroon bang kinalaman ang Kristiyanismo sa pagnanais ng mga Europeo sa paggalugad ng mga lupain? Magbigay ng mga patunay. | Maaring magdagdag pa ng video na maaring panoorin ng mga mag-aaral para sa lubusang pagka-unawa ng aralin<br>https://www.youtube.com/watch?v=CgDvfB7KLSA&t=38s<br>*“How did the Spain ang Portugal plan to Conquer the world”*<br>https://www.youtube.com/watch?v=o1Qllx4YH9A<br>*“Tordesillas-How the Pope divide the world between Spain and Portugal”*<br><br>Siguraduhin na may sapat na kaalaman sa aralin na ito. Gamitin ang “graphic organizer” para mapalalim ang talakayan. |

3. Paano nabago ng "Age of Exploration" ang pagtingin ng mga Europeo sa daigdig?

**IKALAWANG ARAW**

**B. Pinatnubayang Pagsasanay (GOD, GOLD O GLORY)**

Naipakita na noong nakaraang araw ang mga naging dahilan ng pagsisimula ng Age of Exploration. Ngunit malinaw na maintindihan na may pangunahing dahilan ang mga Europeo sa pagnanais na makapagsakop ng mga bagong lupain. Magpapakita ng mga pahayag ang guro, matapos ay tutukuyin ng mga mag-aaral kung ang mga sumusunod na layunin ay kabilang sa "God", "Gold" o "Glory". Matapos ay ipaliwanag ang kanilang sagot.

______________1. Nais ipalaganap ang Kristiyanismo.

______________2. Naniniwala sila na ginto ang batayan ng kayamanan ng isang bansa kaya naghahanap sila ng mga lupain na mayaman dito.

______________3. Makahanap ng mga iba't ibang pampalasa (spices).

______________4. Maging kilala at tanyag sa buong mundo.

______________5. Makarating sa banal na lupain (Holy Land)

**C. Paglalapat at Pag-uugnay (THE WHAT?)**

Ngayon ay nalaman na ng mga mag-aaral ang mga kaganapan at dahilan sa pananakop. Ngayon ay hahasain naman natin ang kanilang husay sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang teksto mula sa akda ni Marco Polo. Mahalaga na magkaroon muna ng maikling introduksyon kay Marco Polo bago isagawa ang gawain. Matapos ay hatiin ang klase sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang teksto at sasagutan ang mga sumusunod na katanungan batay sa teksto:

1. Anong bagay ang inilalarawan ni Marco Polo sa teksto?
2. Ano ang mga naging batayan mo rito?
3. Kung ikaw ang mambabasa, paano nakakatulong ang mga isinulat ni Marco Polo sa pagkakaroon mo ng interes sa ibang lupain?

> Group 1:
> It is a fact that all over the country of Cathay there is a kind of black stone existing in beds in the mountains, which they dig out and burn like firewood. If you supply the fire with them at night, and see that they are well kindled, you will find them still alight in the morning; and they make such capital fuel that no other is used throughout the country. It is true that they have plenty of wood also, but

Sagot:
1. GOD
2. GOLD
3. GOLD
4. GLORY
5. GOD

Sagot:
1. Group 1- Coal
   Group 2- Paper Money
   Group 3- Post Office
   Group 4- Rhinoceros

Sa number 2 and 3 ay magkakarooon ng iba't ibang sagot batay sa kanilang pagsusuri at pag-unawa. Mahalaga na bilang guro ay

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>they do not burn it, because those stones burn better and cost less.</td></tr>
<tr><td>Group 2:<br>When these sheets have been prepared they are cut up into pieces of different sizes....All these pieces of paper are issued with as much solemnity and authority as if they were of pure gold or silver; and on every piece a variety of officials, whose duty it is, have to write their names, and to put their seals. And when all is prepared duly, the chief officer deputed by the Khan smears the Seal entrusted to him with vermilion, and impresses it on the paper, so that the form of the Seal remains printed upon it in red; [it] is then authentic....and he makes them to pass current universally over all his kingdoms and provinces and territories, and whithersoever his power and sovereignty extends. And nobody, however important he may think himself, dares to refuse them on pain of death. And indeed everybody takes them readily, for wheresoever a person may go throughout the Great Khan's dominions he shall find these pieces of paper current, and shall be able to transact all sales and purchases of goods by means of them.</td></tr>
<tr><td>Group 3:<br>Now you must know that from this city of Cambaluc proceed many roads and highways leading to a variety of provinces, one to one province, another to another.... [and] every twenty-five miles of the journey [there is] a station which they call Yamb, or, as we should say, the 'Horse-Post-House.' And at each of those stations... there is a large and handsome building... in which they find all the rooms furnished with fine beds and all other necessary articles.... At some of these stations, moreover, there shall be posted some four hundred horses standing ready.... at others there shall be two hundred, according to the requirements, and to what the Emperor has established in each case.... Even...through a roadless tract where neither house nor hostel exists, still there the station-houses have been established just the same....But they are provided with horses and all the other necessaries just like those we have described, so that the Emperor's messengers, come they from what region they may, find everything ready for them.... And in this way the Emperor, who has an immense number of these runners, receives dispatches with news from places ten days' journey off in one day and night; or, if need be, news from a hundred days off in ten days and nights; and that is no small matter!</td></tr>
<tr><td>Group 4:</td></tr>
</table>
</td>
<td>maproseso ang kanilang sagot para mapalalim at maignay nila ang kanilang natutunan sa kasalukuyan.</td>
</tr>
</table>

There are wild elephants in the country, and numerous unicorns, which are very nearly as big. They have hair like that of a buffalo, feet like those of an elephant, and a horn in the middle of the forehead, which is black and very thick. They do no mischief, however, with the horn, but with the tongue alone; for this is covered all over with long and strong prickles and when savage with anyone they crush him under their knees and then rasp him with their tongue. The head resembles that of a wild boar, and they carry it ever bent towards the ground. They delight much to abide in mire and mud.

Matapos ay ipapaliwanag ng bawat pangkat ang kanilang sagot na gagamitin ng guro sa pag-uugnay ng kahalagahan ng mga ganitong dokumento hindi lamang sa kasalukuyan kung hindi rin sa mga tao noon na magkaroon ng ideya sa ibang lupain na naging hudyat sa pagkakaroon ng interes dito.

**KAUGNAY NA PAKSA #2 TUNGGALIAN NG SPAIN AT PORTUGAL**

**A. Pagproseso ng Pag-unawa (TIMELINE)**

Ngayon ay naunawaan na ng mga mag-aaral ang mga pangyayari at dahilan ng pag-usbong ng "Age of Exploration". Sa bahagi na ito ay aalamin natin ang mga kaganapan noong "Age of Exploration" sa pamamagitan ng gawain na ito. Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Panonoorin nila ang inihandang video ng guro. Matapos ay bumuo ng isang "timeline" batay sa napanood na video. Magkaroon ng malayang talakayan batay sa napanood na video gamit ang timeline. Mahalagang bigyan ng pansin ang implikasyon ng tunggalian ng Spain at Portugal bilang isang mahalagang pangyayari sa "Age of Exploration".

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=wTjgBrlhzRs&t=2s

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

Siguraduhin na may sapat na kaalaman sa aralin na ito. Gamitin ang "timeline" para mapalalim ang talakayan. Mahalaga na mahimay-himay ang mga mahahalagang pangyayari para maunawaan nila kung anong kaugnayan ng mga ito sa paglakas ng mga bansa sa Europa lalo na sa Espanya at Portugal. Ipakita din ang kaugnayan ng simbahan at ang motibo nito sa pamamagitna sa tunggalian ng dalawang bansa.
Maari magbigay pa ng mga karagdagang katanungan para mas lalo mahasa ang kaisipan ng mga mag-aaral.

Sanggunian: https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Table_basic.png

**IKATLONG ARAW**

**A. Pinatnubayang Pagsasanay (DALOY NG KASAYSAYAN)**

Sa bahagi ng aralin na ito, Aayusin ng mga mag-aaral sa pagkakasunod-sunod ang mga sumusunod na pangyayari. Lalagyan ng bilang 1-5 ang bawat patlang batay sa kanilang pagkakasunod sunod kung ano ang unang naganap.

_________1. Kasunduan sa Tordesillas
_________2. Pagdating ni Christopher Columbus sa "New World"
_________3. Nalibot ni Bartolomeu Dias ang Cape of Good Hope
_________4. Pagtatayo ng paaralan ni Prince Henry the Navigator
_________5. Pagdating ni Vasco da Gama sa India

Sagot:
1. 4
2. 3
3. 2
4. 1
5. 5

**B. Paglalapat at Pag-uugnay (ANO NGAYON?)**

Sa bahagi ng aralin na ito ay may ipapanood sa mga mag-aaral tungkol kay Ferdinand Magellan. Magkaroon muna ng mga kaunting introduksyon kay Magellan bago ipanood ang video.

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=pFdiX8mj0Es

Matapos ay punan ang inihandang chart para sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Matapos ay magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa napanood na video batay sa mga katanungan na nasa tsart.

| Ano ngayon kung naikot ni Magellan ang buong mundo gamit ang kanlurang daan? | Ano ngayon kung nakarating siya sa Cebu at Mactan? | Ano ngayon kung pinanood natin ito? |
|---|---|---|
| | | |

Iproseso ang mga kasagutan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila. Mahalaga na maiabot sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng paglalakbay ni Magellan hindi lamang sa ating mga Pilipino kung hindi sa buong mundo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bagong perspektibo sa hugis ng ating daigdig.

Linawin dito sa talakayan na ito na iba ang "natuklasan" sa

| | | |
|---|---|---|

**KAUGNAY NA PAKSA #3: (Ang Epekto ng Pananakop sa Imperyong Aztec at Inca sa lipunang Mesoamerican/Andean at sa Lipunang Espanyol)**

**A. Pagproseso sa Pag-unawa (DATA RETRIEVAL CHART)**

Ang mga mag-aaral ay pupunan ang inihandang Data Retrieval Chart kung saan ay pupunan ng datos ang mga sumusunod na manlalayag na dumating sa Mesoamerica.

| MANLALAKBAY | TAON | BANSA NA NATUKLASAN | MAHAHALAGANG PANGYAYARI SA PANANAKOP |
|---|---|---|---|
| Christopher Colombus | | | |
| Amerigo Vespucci | | | |
| Hernan Cortes | | | |
| Francisco Pizarro | | | |

Matapos ay magkakaroon ng malayang talakayan kung saan ay susuriin at iwawasto ang mga inilagay sa Data Retrieval Chart. Palalalimin ng guro ang talakayan gamit ang mga sumusunod na pamprosesong katanungan:

1. Ano ang mga dahilan ng mga manlalayag na ito sa pagdating sa Mesoamerica?
2. Ano ang reaksyon ng mga katutubo tulad ng mga Aztecs sa pagdating ng mga Europeo sa kanilang lupain?
3. Ano ang mga naging dahilan ng matagumpay na pananakop ng mga Europeo sa mga lupain na ito?
4. Mayroon ba epekto ang ginawang pananakop ng mga Europeo sa mga katutubo tulad ng mga Aztecs at Incas? Magbigay ng halimbawa.

"nakarating". Hindi natuklasan ni Magellan ang Pilipinas dahil matagal nang may tao sa Pilipinas at alam na ito ng mga kalapit bansa nito.

Sa ganitong paraan ay tinatanggal natin ang kolonyal na kaisipan ng mga kabataan at pagbubuo ng sarili nating pagkakakilanlan.

Maaring magdagdag ang guro ng iba pang impormasyon mula sa https://www.history.com/topics/exploration/christopher-columbus

https://www.youtube.com/watch?v=1P_euomdHOU
"Hernan Cortes:Conquered the Aztec Empire-Fast Fact and History"

https://www.youtube.com/watch?v=tFLTztQ-GMA
"The Fall of Inca Empire:Conquest of Pizarro"

Nang sa gayon ay magkaroon ng kaalaman ang mga mag-aaral. Ibigay ito bilang isang takdang aralin. Ibigay ang mga sanggunian para maturuan

| | | |
|---|---|---|
| | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**B. Pinatnubayang Pagsasanay (SINO ITO?)**<br>Tutukuyin ng mga mag-aaral kung sino sa mga sumusunod na manlalayag ang binabanggit ng bawat pahayag.<br>_____________1. Sa kanya ipinangalan ang Amerika.<br>_____________2. Pinagkamalan siya na diyos na nangangalangang Quetzalcoatl.<br>__________3. Siya ang nagpabagsak sa Imperyong Inca at itinatag ang lungsod ng Lima.<br>__________4. Isang Italyano na unang nakarating sa tinatawag na "New World"<br>__________5. Pinabagsak niya ang Imperyong Aztec.<br><br>**B. Paglalapat at Pag-ugnay (MESSAGE FROM THE PAST)**<br><br>Malaki ang nagbago nang dumating ang "Age of Exploration" lalo na sa mga kontinente ng Amerika, Asya at Africa. Sa gawain na ito ay malalaman natin kung dapat ba sisihin sa mga mananakop o conquistadores ang pagbagsak ng isang imperyo?<br>Panonoorin ng mga mag-aaral ang inihandang video ng guro tungkol sa nangyari sa Imperyong Aztecs. Maari magkaroon ng balik-tanaw sa kung sinong conquistador ang nasa likod nito.<br><br>Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=i3kWJfkqT0g<br><br>Pagkatapos ay gagawa ang mga mag-aaral ng isang maikling mensahe sa pangulo ng Pilipinas tungkol sa aral na iyong natutunan sa panonood ng video. Ano ang mga dapat gawin ng pamahalaan para hindi tayo matulad sa Imperyong Aztec. Matapos ay maari basahin ng mga mag-aaral ang kanilang nagawang liham sa Pangulo. | sila ng tamang pananaliksik sa mga datos.<br><br>Sa araw na ipapaliwanag na nila ang kanilang nagawa, gamitin ang mga pamprosesong tanong para mapalalim ang talakayan.<br><br>Sagot:<br>1. Amerigo Vespuchi<br>2. Hernan Cortes<br>3. Francisco Pizzaro<br>4. Christopher Columbus<br>5. Hernan Cortes<br><br>Magkakaiba ang magiging tugon ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa. Bilang isang guro, ipunto ang mga konsepto ng mabuting pinuno, matibay na depensa, pagsusuri sa tamang impormasyon at matibay na sistema ng kalusugan sa pagpapatibay ng isang bansa. |

<table>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>

**A. Pabaong Pagkatuto (ISANG TANONG)**

Ngayon ay natalakay na ang mga mahahalagang kaganapan sa “Age of Exploration” ay sasagutin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga mabubuti at masasamang epekto ng “Age of Exploration” sa mga bansa na nasa Europa, Asya, Amerika at Africa?

Maari magkaroon ng malayang talakayan sa pagsagot sa katanungan na ito. Ang mahalaga ay makita ng mga mag-aaral na malaki ang pinagbago ng daigdig nang pumasok ang panahong ito at ano ang naging epekto nito sa atin, mabuti man o masama.

**B. Pagninilay sa Pagkatuto (SPEECH KO TO)**

Kahit may mga ilang magagandang epekto ang pananakop ay hindi maikakaila na masama ang dulot nito lalo na sa ating bansa bilang tayo ay naging kolonya sa loob ng matagal na panahon. Gamit ang “thought bubble” sa ibaba. Isulat kung paano nila babaguhin ang mga naging masamang dulot ng kolonyalismo sa mga Pilipino.



**https://www.rawpixel.com/image/6791750**

</td>
<td>Maari magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa. Gamitin ang thought bubble para maunawaan ng mga mag-aaral ang masamang dulot ng kolonyalismo at paano ito naalis ng ilang bansa bilang introduksyon sa mga susunod na talakayan.</td>
</tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Maikling Pagsusulit (MY EXPLORER BIOGRAPHY)**<br>Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay bubuo ng isang talambuhay o biography, magsasaliksik sa buhay at nagawa ng kanilang naka-atas na manlalayag.<br>Group 1- Marco Polo<br>Group 2- Francisco Pizzaro<br>Group 3- Christopher Columbus<br>Group 4- Prince Henry the Navigator<br>Group 5- Vasco Da Gama<br>Ilalagay ang kanilang mga mahahalagang impormasyon at ang kanilang mahalagang nagawa lalo na sa panahon ng paggalugad at pananakop. Siguraduhin na tama ang datos na kanilang nakalap. Matapos ay ipapaskil ito sa paligid ng klase at bibigyan ng pagkakataon na markahan ito ng kanilang kaklase batay sa sumusunod na pamantayan | Maari magpakita ng halimbawa ng gagawing talambuhay tulad nito:<br><br>https://www.studocu.com/ph/document/xavier-university-ateneo-de-cagayan/history/ferdinand-magellan-biography/39022449<br><br>Ipagawa ito bilang takdang aralin na iprepresenta bago magsimula ang bagong aralin. |

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Napakahusay | 5 |
| Mahusay | 4 |
| Di-Gaanong Mahusay | 3 |
| Di Mahusay | 2 |
| Kabuuhan | (Pagsasamahin ang buong marka ng bawat mag-aaral divided sa bilang ng mga mag-aaral na nagbigay ng marka) |

Mamamarkahan rin ito ng guro gamit ang mga sumusunod na pamantayan:

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Nilalaman<br>(Lahat ng kinakailangang detalye ay naisulat sa talambuhay) | 20 |
| Organisasyon<br>(Lahat ng impormasyong binanggit sa talambuhay ay maayos na napagsunud-sunod) | 15 |
| Istilo<br>(Lahat ng bahagi ng mga talatang isinulat ay nakapukaw ng interes ng mambabasa) | 10 |
| Marka na nakuha mula sa mga kaklase | 5 |
| KABUUHAN | 50 |

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |
| ***At iba pa*** | | |

*Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.*

*Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan* |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |